NEW MUSLIM
ACADEMY

ANG KASAYSAYAN NI
DAVID

Si David (AS) ay isang Sugo ng Allah na binanggit ng ilang beses sa Qur'an.
Siya ang ama ni Propeta Solomon (AS) at kilala sa kanyang malawak na kaharian. Siya ay biniyayaan ng Allah ng maraming pagpapala. Ipinahayag sa kanya ng Allah ang Banal na Kasulatan ng Nakasulat na mga Dokumento at siya ay kilala sa kanyang makapangyarihan at magandang pagbigkas. Binanggit ng Allah ang kanyang Kasaysayan sa ilang bilang ng mga konteksto:



Si David (AS) at si Goliath

Ang mga Anak ng Israel ay nagdaan sa isang panahon ng kaguluhan, sa panahon kung saan sila ay pinahirapan at inusig. Ang mga punong malupit na umusig sa kanila ay isang hari na tinawag na Goliath. Nagpadala ang Allah ng isang Sugo sa mga anak ng Israel, na siya namang hinirang sa kanila na isang hari upang pamunuan sila sa labanan. Ang hari na ito ay si Saul. Gayunpaman, siya ay hindi nagmula sa mga marangal na pamilya ng mga anak ng Israel, kaya hindi nila nagustuhan ang paghirang sa kanya. Ipinaalam sa kanila ng kanilang Sugo na pinili ng Allah si Saul bilang kanilang hari. Inihatid ng Allah ang kasaysayang ito sa 2:246-251.



Si Saul (AS) ay lumisan kasama ang hukbo ng mga Israelita. Sila ay sinubukan niya na sukatin ang antas ng kanilang pagtitiis at tibay ng loob. Ipinaalam sa kanila na sila ay tatawid ng ilog, nguni't sila ay hindi iinom mula dito, maliban sa isang lagok. Gayunpaman, karamihan sa kanyang hukbo ay sumuway sa kanya at pinaalis. Kaya, ang hukbo ni Saul ay lubhang nabawasan. Ang pagbabawas ng hukbo ay nagpatuloy at humingi ng tulong sa Allah. Sa hukbo ay may isang binata na nagngangalang David (AS), isang pangkaraniwang sundalo, nang sa panahon ng papalapit na labanan ay nakita niya si Goliath. Tinamaan siya ni David ng isang bato at napatay siya. Pinagkaloob ng Allah ang tagumpay sa mga Anak ng Israel at si David (AS) ay hinirang na isang Sugo ng Allah.

Si David (AS), ang Sugo at ang Hari

Pagkatapos ni Saul, si David (AS) ay naging isang Sugo para sa mga Anak ng Israel, ay minana ang kaharian ni Saul. Ipinahayag din ng Allah ang Nakasulat na mga Dokumento sa kanya. Si David (AS) ay may isang malakas at magandang boses kung saan kanyang binibigkas ang Nakasulat na mga Dokumento. Sinabi ng Allah, "O Sugo, tiisin ang mga bagay na sinasabi ng mga tumatanggi na hindi makasisiya sa iyo, at tandaan Aking tagapaglingkod na David (AS), na may kapangyarihang labanan ang kanyang mga kaaway at matiyaga sa pagsunod sa Allah. Madalas siyang nagbabalik-loob sa Allah sa pamamagitan ng pagsisisi at mga gawa na makalulugod sa Kanya.Sinakop ko ang mga bundok kasama si David (AS). Ako ay kanilang pupurihin at Ako ay dadakilain sa kanyang pamumuno sa pagtatapos ng araw at sa pagsisimula ng bukang-liwayway.

Pinasuko ko ang mga ibon sa himpapawid. Bawat isa sa kanila ay masunurin, dumadakila at pumupuri sa Akin sa pagsunod sa kanya. Pinalakas Ko ang kanyang kaharian sa pamamagitan ng pagsindak, lakas at tulong laban sa kanyang mga kaaway na ipinagkaloob Ko sa kanya.. Ginawa ko siyang Propeta at katumpakan sa kanyang mga gawain. Binigyan ko siya ng malinaw na pagsasalita sa bawat layunin, at pagpapasya sa pagsasalita at karunungan." [38:17-20]

Kaya si David (AS) ay kilala sa kanyang pagsamba at dobosyon sa Allah. Sinabi ni Propeta Muhammad (SAWS) na si Propeta David (AS) ay nag-aayuno ng salitang araw at gumugugol ng isang magandang bahagi ng gabi ng gising sa pagsamba. Gayunpaman, si David (AS) ay sinubukan ng Allah tulad ng pagsubok Niya sa lahat ng Kanyang mga Sugo.

Ang Pagsubok ni Propeta David (AS)

Binanggit ng Allah ang pagsubok ni David (AS) sa Banal na Qur'an, "O Sugo, dumating na ba sa iyo ang balita ng dalawang nag-aaway, nang sila ay umakyat sa silid dasalan ni David (AS)? Nang sila ay biglang pumasok kay David (AS), siya ay natakot dahil sa kanilang kakaibang ginawang pagpasok sa kanyang silid sa pinaka-hindi pangkaraniwang paraan. Nang makita nila ang iyong takot, kanilang sinabi: 'Huwag matakot. Kami ay ang dalawang nagtatalo, ang isa sa amin ay nagkamali sa isa, kaya't husgahan kami ng makatarungan at huwag maging di-makatarungan sa paghatol sa pagitan namin, at gabayan kami sa tamang landas na siyang landas ng kawastuhan.' Sinabi ng isang nakikipagtalo kay David (AS): ' Ang lalaking ito ay ang aking kapatid. Siya ay may siyamnapu't siyam na tupa at ako ay may isang tupa. Hiniling niya na ibigay ko na rin sa kanya at tinalo niya ako sa ebidensya.'

Pagkatapos ay humatol si David (AS) sa pagitan nila at kinausap ang naghahabol, sinabing: ‘ Ang iyong kapatid ay nagkamali sa iyo nang hingin niya sa iyo na idagdag ang iyong tupa sa kanyang mga tupa. At marami sa mga magkakasama o magkakapareha ang umaapi sa isa’t-isa sa pamamagitan ng pagkuha sa kanilang mga karapatan at pagiging di-makatarungan, maliban sa mga nananampalataya na gumagawa ng mabuting mga gawain, dahil sila ay makataruingan sa kanilang kasama at hindi sila ginagawan ng mali. Nguni’t ang mga nauugnay dito ay kakaunti.’ Si David (AS) ay pumayag na subukan Ko lamang siya sa pamamagitan ng alitang ito, kaya’t hinangad niya ang kapatawaran mula sa kanyang Nag-iisang Panginoon at nagpatirapa para mapalapit at magsisi sa Kanya. Kaya tumugon Ako sa kanya at pinatawad siya sa pagkakamaling ito.

At siya ay kabilang sa malapit sa Akin, at sa kanya ay isang mabuting balik sa Kabilang-buhay. ‘O David (AS), ginawa Kitang isang kinatawan sa mundo para isagawa ang makamundo at panrelihiyong mga pagpapasya at mga paghatol, kaya humatol sa pagitan ng mga tao ng may katarungan. Huwag sundin ang mga pagnanasa sa iyong paghatol sa pagitan ng mga tao, sa pamamagitan ng pagkiling sa isa sa mga nag-aaway dahil sa isang relasyon o isang pagkakaibigan, o sa pamamagitan ng pagtalikod o paglayo sa kanya dahil sa poot, dahil ang pagkampi ay magliligaw sa iyo mula sa matuwid na landas ng Allah. Sa mga naliligaw mula sa tuwid na landas ng Allah ay magkakamit ng isang matinding parusa dahil sa kanilang paglimot sa Araw ng Pagtutuos, dahil kung maaalala nila at katatakutan nila ito sila ay hindi makikinig sa kanilang mga pagnanasa at mga pagkampi.” [38:21-26]

Ang Pagpanaw at Pamana ni David (AS)

Iniulat na si Adan (AS) ay ipinakita ang ilan sa kanyang mga supling na susunod sa kanya, at nang makita niya si David (AS) ay kanyang hiniling sa Allah na ibigay sa kanya ang apatnapung taon ng kanyang buhay. Ipinagkaloob ng Allah ang kanyang kahilingan. Madalas na sinisiguro ni David ang kanyang tahanan upang walang makapasok maliban sa kanyang pahintulot. Isang araw, ay natagpuan ni David (AS) ang isang di-inaasahang lalaki sa kanyang tahanan. Tinanong siya ni David (AS), at siya (ang lalaki) ay sumagot na siya ay ang Anghel ng Kamatayan kung saan walang lugar na ligtas. Pagkatapos ni David (AS), ang kanyang anak na si Solomon (AS) ay minana ang kanyang kaharian at hinirang na Sugo. Si Solomon (AS) ay may malawak ring kaharian at biniyayaan siya ng Allah ng maraming mga biyaya.